**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 1, 123-135

# WIKApedia sa pagtuturo ng wastong gamit ng mga salita sa Filipino

Dapyawin, Geraldine Mae
*Sorsogon State University, Philippines (geraldinemae.dapyawin@deped.gov.ph)*
Ebuenga, Kiven Louis
*Sorsogon State University, Philippines (ebuengakivenlouis@gmail.com)*
Marbella, Felisa D. ✉
*Sorsogon State University, Philippines (felisa.marbella@sorsu.edu.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received**: 26 December 2025 **Revised**: 5 January 2026 **Accepted**: 6 January 2026
**Available Online**: 10 January 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26007

***Abstract***

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang bisa ng WIKApedia bilang pantulong sa pagtuturo ng wastong paggamit ng salita sa Filipino sa mga mag-aaral ng Baitang 10 sa Barcelona National Comprehensive High School. Gumamit ng quasi-experimental design na may pauna at panapos na pagsusulit at deskriptibong pagsusuri sa persepsyon. Ang 35 mag-aaral ay pinili gamit ang purposive sampling. Ang mga instrumento ay pagsusulit na may 20 aytem at talatanungan na sumusukat sa limang aspekto: nakakatulong sa pagkatuto, madaling gamitin, interaktibo at nakaka-engganyo, nagpapalawak ng kaalaman, at mabilisang pagsusuri. Ipinakita ng resulta na bago ang interbensyon, karamihan ay may mababa hanggang katamtamang kasanayan sa paggamit ng salita. Matapos ang interbensyon, 77% ng mga mag-aaral ay umabot sa napakataas na antas ng kasanayan, at 23% ay nasa mataas na antas. Ang paired t-test ay nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia ($t = 30.3$, $p < .001$), at ang Cohen's $d = 5.12$ ay nagpapakita ng napakalaking effect size. Ipinapakita rin ng mean na 4.25 sa persepsyon ng mga mag-aaral na lubos nilang sinasang-ayunan ang bisa ng WIKApedia sa pagpapalawak ng kaalaman, paglinang ng kasanayan, at pagpapataas ng interes sa pag-aaral. Pinatutunayan ng pag-aaral na ang WIKApedia ay epektibong digital na interbensyon sa pagtuturo ng wastong paggamit ng salita sa Filipino. Inirerekomenda ang integrasyon nito sa pagtuturo at paggamit ng makabagong digital na estratehiya upang higit pang mapaunlad ang kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral sa wika.

***Keywords:*** WIKApedia, wastong paggamit ng salita, wikang Filipino, digital, interbensyon, kasanayan sa wika

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# WIKApedia sa pagtuturo ng wastong gamit ng mga salita sa Filipino

## 1. Introduksyon

Hindi uunlad ang alinmang wika kung hindi ito gagamitin. Ang patuloy at sistematikong paggamit ng wika ang nagsisilbing daan upang ito ay mapayaman, mapalawak ang talasalitaan, at mapaunlad ang kakayahang tumugon sa nagbabagong pangangailangan ng panahon. Sa konteksto ng Filipino, nagiging malaking suliranin ang paggamit nito dahil sa umiiral na saloobin at gawi ng ilang Pilipino na mas pinahahalagahan ang wikang banyaga kaysa sa sariling wika. Ang ganitong pananaw ay naglilimita sa saklaw at lalim ng paggamit ng Filipino, kaya't naaapektuhan ang pag-unlad nito bilang wikang panturo at wikang pambansa. Samakatuwid, ang pagpapaunlad ng Filipino ay nakasalalay hindi lamang sa mga patakaran at programa ng pamahalaan kundi, higit sa lahat, sa aktibong pakikilahok at pagpapahalaga ng mga mamamayang gumagamit nito.

Ang dehital na panahon ay nagdulot ng malawakang pagbabago sa paraan ng paggamit at pakikipag-ugnayan sa wika. Dahil sa *social media*, iba't ibang *digital platforms*, at makabagong teknolohiya gaya ng artipisyal na intelihensiya (AI), mas napadali at napalawak ang komunikasyon sa iba't ibang wika at lugar. Gayunpaman, kaakibat ng mga pagbabagong ito ang iba't ibang hamon gaya ng pangangalaga at pagpapanatili ng wika, kakulangan sa kaalamang *digital*, paglaganap ng maling impormasyon, at mga isyung etikal. Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ang responsableng paggamit ng teknolohiya upang matiyak na ang wika ay mananatiling mahalagang kasangkapan sa ugnayan, pagkatuto, at pagpapalaganap ng kultura sa makabagong panahon (William et al., 2024). Higit pa rito, ang pag-usbong ng digital na teknolohiya ay nagdulot ng malaking impluwensiya sa pag-unlad ng wika, lalo na sa kasalukuyang henerasyon na lumaki sa ilalim ng impluwensiya ng makabagong teknolohiya. Dahil sa pagiging maikli, impormal, at madalas ay hindi istriktong sinusunod ang mga tuntuning pangwika sa komunikasyon sa digital na mundo, at sa pagbibigay-diin sa bilis kaysa sa katumpakan, may pangamba na maaaring humantong ito sa mababaw na komunikasyon, maikling atensyon, at paghina ng kasanayan sa pagsulat (Marcos, 2024). Sa kabuoan, ang *digital* na panahon ay may parehong positibo at negatibong epekto sa pag-unlad ng wika. Dahil dito, mahalagang maging mapanuri at responsable ang mga gumagamit ng teknolohiya upang mapanatili at mapalakas ang wastong paggamit ng wika. Sa pamamagitan ng balanseng paggamit ng makabagong teknolohiya at masusing paglinang ng kasanayang pangwika, maaaring mapakinabangan ang digital na inobasyon bilang kasangkapan sa pagpapaunlad ng wika at hindi bilang hadlang sa kalidad ng komunikasyon.

Sa pambansang konteksto, mahalaga ang paggamit ng wikang Filipino sa teknolohiya sapagkat ito ay nagpapatibay sa pambansang identidad at aktibong partisipasyon sa digital na panahon. Ayon kay Pareñas (2025), may mahalagang papel ang wika sa pag-unlad ng teknolohiya, at habang umuunlad ang teknolohiya, naaangkop din ang wikang ginagamit dito sa mga uso ng panahon. Subalit, dahil karamihan ng software, programming language, at digital content ay nasa Ingles, lumalakas ang impluwensiya nito sa araw-araw na wika, lalo na ng kabataan, na maaaring magpatuloy ang pananaw ng wikang superyor at inferyor kung hindi mapapalakas ang paggamit ng Filipino sa teknolohiya. Sa kabilang banda, nakatutulong din ang teknolohiya sa paglikha ng mga bagong salita at pagpapayaman ng wika. Gayunpaman, nananatiling hamon ang kakulangan sa kaalaman sa wastong paggamit nito, pagkawala ng katutubong wika, hindi pantay na akses sa teknolohiya, at kakulangan ng terminolohiyang teknikal sa Filipino, kahit may mga pagsisikap na sa pagsasalin at pagbuo ng mga bagong salita.

Nakasaad sa Saligang Batas ng 1987, Artikulo XIV, Seksiyon 6, ang probisyong nagsasaad na "ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa batay sa umiiral na mga wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika." Alinsunod sa tadhanang ito, kinikilala ng estado ang mahalagang papel ng wikang Filipino sa pagkakaisa ng bansa, sa pagpapahayag ng pambansang identidad, at sa epektibong komunikasyon ng mamamayan. Bilang pagsunod sa mga itinakdang probisyon ng batas at ayon sa nararapat na pasya ng kongreso, may malinaw na tungkulin ang pamahalaan na magsagawa ng mga hakbangin at

patakaran upang isulong at puspusang itaguyod ang paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wikang panturo sa sistemang pang-edukasyon. Sa ganitong paraan, hindi lamang napapalakas ang paggamit ng wikang pambansa sa iba't ibang larangan ng lipunan, kundi napahuhusay din ang pagkatuto ng mga mag-aaral at napagtitibay ang pambansang kamalayan at kultura.

Nakapaloob sa Sustainable Development Goal 4: Quality Education ang layuning tiyakin na ang lahat ng mamamayan ay magkakaroon ng inklusibo, patas, at dekalidad na edukasyon, gayundin ng mga oportunidad para sa panghabang-buhay na pagkatuto (UNESCO, 2023). Binibigyang-diin ng layuning ito ang kahalagahan ng pagkakapantay-pantay sa akses sa edukasyon at ng paggamit ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo na tumutugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang pinagmulan, kakayahan, o konteksto. Sa ganitong pananaw, ang paggamit ng angkop na midyum ng pagtuturo at makabagong kagamitang pampagtuturo ay mahalagang salik sa pagkamit ng dekalidad na edukasyon na nakatuon sa makabuluhan at napapanatiling pagkatuto.

Ayon naman sa *DepEd Order No. 012, s. 2024*, itinatakda na gamitin ang wikang Filipino bilang mabisang midyum sa paghahatid ng kaalamang kognitibo, lalo na sa mga asignaturang may lokal na konteksto. Sa pagpapatupad ng MATATAG Curriculum, binibigyang-diin ang paggamit ng mother tongue at wikang Filipino upang higit na mapalakas ang pundasyong pangwika ng mga mag-aaral, partikular sa mga unang baitang at sa mga lugar na hindi likas ang paggamit nito. Ang paggamit ng wikang pambansa sa pagtuturo at ang patuloy na pagpapaunlad nito bilang midyum ng edukasyon ay may mahalagang papel sa mas epektibo at makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paggamit ng wikang higit na nauunawaan ng mga mag-aaral, napapadali ang pag-unawa sa mga konsepto at napahuhusay ang kanilang kakayahang magpahayag ng kaalaman. Higit pa rito, ang paggamit ng wikang pambansa sa edukasyon ay nakatutulong sa pagpapalakas ng lokal na identidad at kultura, na nagsisilbing pundasyon ng inklusibo at dekalidad na edukasyon na tumutugon sa pangangailangan ng iba't ibang sektor ng lipunan.

Sa lokal na konteksto, maraming pag-aaral ang naglalahad ng mga suliranin at hamon sa pagtuturo ng wikang Filipino. Ayon kay Bolatin (2019), ang wika ay hindi lamang kasangkapan sa pakikipag-ugnayan ng tao sa kaniyang kapwa, kundi isang mahalagang salamin ng kultura at pagkakakilanlan ng isang bansa sa pamamagitan ng wikang pambansa. Sa kontekstong ito, ang aktibong paggamit at patuloy na pagpapaunlad ng wikang Filipino ay mahalaga upang mapanatili ang kahusayan nito sa komunikasyon at mapalakas ang papel nito sa edukasyon at lipunan. Hindi maitataguyod ang maunlad na kalagayan ng isang bansa kung ang mga mamamayan nito ay hindi bihasa sa sariling wika. Ang kakayahang magsalita, magsulat, at umunawa nang wasto sa Filipino ay pundamental sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral, gayundin sa pagpapanatili ng pambansang identidad at pagpapalaganap ng kulturang Pilipino. Dahil dito, binibigyang-diin ng mga dalubhasa ang kahalagahan ng maayos, sistematiko, at epektibong pagtuturo ng wikang Filipino bilang pangunahing kasanayan na dapat taglayin ng bawat mag-aaral, na nagsisilbing gabay sa kanilang personal, akademiko, at panlipunang pag-unlad.

Isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit nananatiling malaking suliranin ang paggamit ng wikang Filipino ay ang kakulangan ng aktibong partisipasyon ng mga Pilipino sa patuloy na pagpapaunlad nito. Ayon kay Timbreza (1987), ang tunay at ganap na pag-unlad ng wikang Filipino ay nakasalalay sa aktwal at tuluy-tuloy na paggamit nito sa iba't ibang larangan ng komunikasyon. Ang pananaw na ito ay kaayon ng paniniwala ng mga dalubwika na hindi uunlad ang alinmang wika kung hindi ito ginagamit sa makabuluhan at sistematikong paraan. Sa ganitong konteksto, ang pakiwaring pabayaan munang umunlad ang wikang Filipino bago ito aktibong gamitin ay maituturing na isang anyo ng pag-iwas sa kolektibong tungkulin ng mga mamamayan na makibahagi sa pagpapaunlad ng sariling wika. Sa halip na maghintay sa ganap na kaunlaran nito, higit na mahalaga ang aktibong paggamit ng Filipino bilang konkretong hakbang sa pagpapalakas ng kakayahan at pagpapayaman ng wika, na magsisilbing pundasyon ng pambansang identidad at mabisang komunikasyon sa iba't ibang konteksto ng lipunan.

Dagdag pa rito, binigyang-diin sa pag-aaral ni Ortañez (2020) na hindi sapat ang simpleng paggamit ng wikang Filipino sa pang-araw-araw na komunikasyon. Sa halip, kinakailangan ang wasto, sistematiko, at tuloy-

tuloy na paglinang ng kasanayan sa paggamit nito upang matiyak ang pagiging epektibo ng wika bilang kasangkapan sa pagkatuto at pagpapahayag. Ipinapakita ng pag-aaral na ang ganitong layunin ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng masusi at planadong pagtuturo ng wikang Filipino sa mga kaugnay na asignatura, na hindi lamang nakatuon sa panitikan at balarila kundi sumasaklaw rin sa iba't ibang aspekto ng wika tulad ng bokabularyo, estruktura, at kontekstuwal na paggamit. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng matibay at malawak na pundasyon sa wastong paggamit ng wikang Filipino, na mahalaga sa paglinang ng kanilang kakayahang magpahayag nang malinaw, lohikal, at angkop sa iba't ibang sitwasyon. Higit pa rito, nagsisilbi itong mahalagang kasangkapan sa kanilang akademikong pag-unlad at sa pagpapanatili at pagpapalakas ng pambansang identidad, na nagbibigay-diin sa papel ng edukasyon sa patuloy na pagpapaunlad ng wikang Filipino.

Ayon sa pag-aaral ni Santos (2020) sa University of the Philippines Diliman, maraming mga estudyante ang nahihirapan sa paggamit ng tamang mga salita at ekspresyong Filipino, na nagreresulta sa hindi malinaw o minsang maling pagpapahayag ng kanilang nais iparating. Ang suliraning ito ay nagpapakita ng kakulangan sa kasanayan sa wasto at angkop na paggamit ng wika sa pang-araw-araw na komunikasyon at akademikong konteksto. Nabatid din sa pananaliksik nina Bolaton (2025) sa Asuncion National High School na laganap ang maling paggamit ng mga salita sa Filipino, na nagmumungkahi ng mas malalim na problema sa pag-unawa sa mga tuntuning gramatikal at sa pagpili ng angkop na mga salita ayon sa partikular na konteksto. Batay naman sa pag-aaral ni Cabansag (2013), bagama't may kakayahan ang karamihan sa mga mag-aaral sa pagsulat, kapansin-pansin pa rin ang kanilang kakulangan sa wastong paggamit ng istruktura at balarila sa pagbuo ng mga akda. Kabilang sa mga madalas na pagkakamali ang maling paggamit ng pandiwa at iba pang salita sa wikang Filipino, na naglilimita sa kanilang kakayahang magpahayag nang malinaw at epektibo. Ang mga pag-aaral na ito ay malinaw na nagsisilbing batayan upang bigyang-diin ang pangangailangan ng mga estratehiya sa pagtuturo na naglalayong mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika, partikular sa wastong paggamit ng mga salita sa Filipino. Sa pamamagitan ng sistematiko at masusing pagtuturo, maipapaunlad ang kanilang kakayahang pangwika, na hindi lamang makakatulong sa akademikong pag-unlad kundi maging sa pagpapanatili at pagpapayaman ng wikang Filipino bilang pangunahing kasangkapan sa komunikasyon at pambansang identidad.

Ayon kay Ramirez, sa pagbanggit ni Wijra (2025), isa sa mga pangunahing suliranin sa pagtuturo ng wikang Filipino ay ang kakapusan ng mga kagamitang panturo at aklat-aralin na nakasulat sa sariling wika. Binanggit niya na ang limitadong bilang ng mga aklat at materyales sa Filipino ay nagsisilbing malaking balakid sa mas malawak na pagpapatupad ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa iba't ibang asignatura. Ang kakulangan ng ganitong mga kagamitan ay naglilimita sa oportunidad ng mga mag-aaral na mas mapalalim ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng wika sa akademikong konteksto. Gayunman, naniniwala si Ramirez na ang suliraning ito ay maaaring mapagtagumpayan sa pamamagitan ng mas sistematiko at malikhaing pagbuo at paglikha ng mas maraming kagamitang panturo na nakasulat sa wikang Filipino. Sa ganitong paraan, hindi lamang mapapalawak ang akses ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng wika, kundi maipapatibay din ang pagpapaunlad ng Filipino bilang epektibong midyum ng pagtuturo sa iba't ibang larangan ng edukasyon.

Upang tugunan ang mga nabanggit na hamon sa wastong paggamit at pagpapaunlad ng wikang Filipino, inilunsad noong 2015 ng *Presidential Communications Development and Strategic Planning Office* (PCDSPO), katuwang ang Komisyon sa Wikang Filipino, ang WIKApedia: Balarila at Aralin sa Filipino. Ito ay isang *digital* na aklat-aralin na naglalayong ituwid ang mga karaniwang maling paggamit ng wika at higit pang palalimin ang kaalaman ng mga mamamayan sa wikang Filipino. Hinango ang pangalan ng proyekto mula sa pagsasanib ng mga salitang "wika" at *"encyclopedia"*, sapagkat ito ay nagsisilbing koleksiyon ng mga aralin, paliwanag, at sanggunian hinggil sa Filipino, at nilalayong maging daluyan ng makabuluhan at sistematikong talakayan ukol sa pambansang wika (Santos, 2015).

Batay sa nilalaman ng WIKApedia (2015), ito ay isang makabagong *digital* na aklat-aralin na nagsisilbing sistematikong gabay sa balarila at ortograpiyang Filipino. Nagsisilbi itong pangunahing sangguniang panggramatika, dahil malinaw nitong inilalahad ang wastong gamit ng mga salitang madalas ikalito tulad ng *ng/nang, din/rin*, at iba pa. Sa pamamagitan ng tuwiran at konkretong mga halimbawa, nagiging mabilis at

maaasahang reperensiya ang WIKApedia sa pagtuturo at pagwawasto ng mga karaniwang pagkakamali sa wika. Bukod dito, gumaganap ang WIKApedia bilang gabay sa estandarisadong pagbaybay at pagmamarka ng salita, na tumutulong sa mga mag-aaral na makabuo ng pare-pareho, wasto, at pormal na anyo ng pagsulat. Tinututukan rin nito ang estruktura at sistema ng wika, kabilang ang wastong paggamit ng panlapi, pagbibilang, at morpemiko o ponemikong pagbabago, upang higit na maunawaan ang lohika at organisasyon ng wikang Filipino. Dagdag pa rito, nagsisilbi rin ang WIKApedia bilang tagapagdala ng kaalamang pangwika at pangkasaysayan, sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon tungkol sa katangian ng wikang Filipino, alpabeto, at patuloy na pag-unlad nito. Dahil dito, napapalawak ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa konteksto, identidad, at kahalagahan ng Filipino bilang wikang pambansa. Sa kabuuan, ang WIKApedia ay may mahalagang gampanin bilang praktikal at sistematikong pantulong na kasangkapan sa pagtuturo. Ang bawat pahina ay maituturing na maikling leksiyon, na epektibo sa regular na pagtuturo, gawaing remedial, at independiyenteng pagkatuto ng wika.

Ayon kay Manuel L. Quezon III, sa kaniyang mensaheng nakapaloob sa WIKApedia, sa patuloy na ebolusyon ng wikang Filipino sa paglipas ng panahon ay may mga pagkakataong naisasantabi ang mga patakaran sa wastong paggamit ng mga salita, kataga, at kaisipan. Bilang tugon sa ganitong kalagayan, gumagamit ang WIKApedia ng mga infographic upang malinaw, episyente, at madaling maunawaan na masagot ang iba't ibang katanungan kaugnay ng Pambansang Wika. Sa pamamagitan ng paglalatag ng etimolohiya, kahulugan, at tamang gamit ng mga salita, nakatutulong ang WIKApedia sa pagpapalawak ng kaalaman at sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mambabasa sa wikang Filipino. Dagdag pa rito, kinilala ni Virgilio Almario, Pambansang Alagad ng Sining, sa kaniyang mensaheng nakapaloob din sa WIKApedia ang malaking ambag ng nasabing proyekto sa pagpapabatid ng kaalaman sa wikang Filipino sa paraang maikli, mabilis, at malikhain, mga katangiang angkop sa pangangailangan ng makabagong panahon. Ayon sa kanya, ang ganitong uri ng inisyatiba ay nararapat ipagpatuloy at higit pang paunlarin upang mas malinang ang wikang Filipino bilang wikang pambansa na may kakayahang umangkop at makipagsabayan sa modernong daloy ng komunikasyon at edukasyon (WIKApedia, 2015).

Ayon sa Teoryang *Multimedia Learning* ni Richard Mayer (2022), mas epektibo ang proseso ng pagkatuto kapag pinagsasama ang mga salita at larawan kaysa sa paggamit lamang ng teksto. Ipinapakita ng teoryang ito na ang kombinasyon ng biswal at berbal na presentasyon ay nakatutulong sa mas malinaw at mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa impormasyon. Batay sa prinsipyong ito, gagamitin sa kasalukuyang pag-aaral ang WIKApedia bilang pantulong na kasangkapan sa pagtuturo, na may kasamang mga *infographic* at iba pang biswal na representasyon, upang ituro ang wastong paggamit ng mga salita sa Filipino at suriin ang bisa nito sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Bagamat matagal nang inilunsad ang WIKApedia bilang *digital* na aklat-aralin, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na tumatalakay sa epekto nito sa pagtuturo ng wastong paggamit ng mga salita sa Filipino. Dahil dito, layunin ng kasalukuyang pag-aaral na punan ang puwang na ito sa pananaliksik at tukuyin kung paano makatutulong ang WIKApedia bilang isang *digital* na aklat-aralin sa pagpapabuti ng kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral.

Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat nagbibigay ito ng pagkakataon na masuri at matukoy ang bisa ng WIKApedia bilang kasangkapan sa pagtuturo ng wastong paggamit ng wikang Filipino sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, malalaman kung gaano kaepektibo ang paggamit ng mga *digital* na kagamitang pang-edukasyon, tulad ng WIKApedia, sa pagpapalawak ng kaalaman at pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng wika. Higit pa rito, ang mga natuklasan mula sa pag-aaral ay maaaring magsilbing gabay sa mga guro sa pagpili at paggamit ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Maaari rin itong maging batayan sa pagbuo at pagpapaunlad ng iba pang makabagong kagamitang pampagtuturo na nakasentro sa wikang Filipino, na magpapatibay sa kakayahan ng mga mag-aaral na maging bihasa, wasto, at malikhain sa paggamit ng sariling wika sa akademikong at panlipunang konteksto.

***Layunin -*** Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang suriin ang bisa ng WIKApedia bilang *digital* na aklat-aralin sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salita sa Filipino. Partikular, layunin ng pag-aaral na: Ang pananaliksik na ito ay sumasagot sa sumusunod na layunin: (1) Malaman ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salita sa Filipino bago at pagkatapos gamitin ang

WIKApedia. (2) Matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salita sa Filipino bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia. (3) Matukoy ang naging persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng WIKApedia bilang interbesyon sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa wastong gamit ng mga salita sa Filipino.

## 2. Metodolohiya

Gumamit ang pag-aaral ng *quasi-experimental design* na may pauna at panapos na pagsusulit upang masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga salita sa Filipino bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia, isang digital na aklat-aralin na may layuning ituro ang wastong paggamit ng mga salita at palalimin ang kaalaman sa wikang Filipino. Kasabay nito, isinagawa rin ang isang deskriptibong pagsusuri upang matukoy ang persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng WIKApedia. Ang mga kalahok ay isang seksyon mula sa Baitang-10 ng Barcelona National Comprehensive High School na binubuo ng 35 mag-aaral, na pinili gamit ang *purposive sampling.*

Ang pangunahing instrumento sa pananaliksik na ito ay ang pauna at panapos na pagsusulit na may layuning masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga salita sa wikang Filipino. Ang mga pagsusulit na ito, na binubuo ng 20 aytem, ay hinalaw ng mga mananaliksik mula sa mga halimbawang pangungusap na matatagpuan sa WIKApedia upang matiyak ang pagiging balido at angkop nito para sa mga mag-aaral. Nakatuon ang mga tanong sa pagsusulit sa paggamit ng tiyak na mga salita sa loob ng pangungusap. Binubuo ang bawat aytem ng pangungusap na may panaklong, kung saan pipiliin ng mga mag-aaral ang tamang salita upang maging malinaw at wasto ang ipinapahayag na ideya o mensahe. Kasama sa pagsusulit ang mga salitang: nang/ng, daw/raw, din/rin, na lang, pa lang, pa rin, maaaring, at wastong paggamit ng gitling sa salita. Ang bawat aytem ay isinulat upang masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia bilang interbensyon sa kanilang pagkatuto. Tiniyak ng mga mananaliksik na ang mga tanong ay naaayon sa kakayahan at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang resulta ng paunang pagsusulit ay magsisilbing *baseline data*, samantalang ang resulta ng panapos na pagsusulit ay gagamitin upang masukat ang epekto ng interbensyon. Sa ganitong paraan, mas masusuri nang sistematiko at kritikal ang bisa ng WIKApedia sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga salita sa Filipino. Bukod dito, ginamit ang isang questionnaire upang masukat ang persepsyon ng mga mag-aaral sa WIKApedia batay sa limang aspekto: nakakatulong sa pagkatuto, madaling gamitin, interaktibo at nakaka-engganyo, nagpapalawak ng kaalaman, at mabilisang pagsusuri.

Ginamit ang *Likert scale* bilang instrumento sa pagsusuri ng resulta (Lopez, 2024) at inangkop sa layunin ng pananaliksik. Ang unang *Likert scale* ay binago upang masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga salita sa Filipino bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia, na may iskor at interpretasyon na:

19 – 20 -Napakataas ng Antas ng Kasanayan

17 – 18 -Mataas ang Antas ng Kasanayan

12 – 16 -Katamtaman ang Antas ng Kasanayan

9 – 11 -Mababa ang Antas ng Kasanayan

7 – 8 -Napakababa ng Antas ng Kasanayan

Samantala, ang ikalawang *Likert scale* ay inangkop din mula kay Lopez upang masukat ang persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng WIKApedia. Binubuo ito ng iba't ibang indikeytor na sumusukat sa kanilang pananaw at karanasan sa paggamit ng WIKApedia, na may antas ng kasunduan batay sa saklaw ng iskor:

4.21 – 5.00 - Lubos na Sumasang-ayon

3.41 – 4.20 -Sumasang-ayon

2.61 – 3.40 -Katamtamang Sumasang-ayon

1.81 – 2.60 - Hindi Sumasang-ayon

1.00 – 1.80 - Lubos na Hindi Sumasang-ayon

Ang paglikom ng datos para sa pag-aaral na ito ay isinagawa nang maingat, sistematiko, at alinsunod sa mga etikal na pamantayan upang matiyak ang integridad ng resulta at epektibong implementasyon ng interbensyon. Naghanda ang mga mananaliksik ng liham kahilingan sa punong-guro ng Barcelona National Comprehensive High School upang makuha ang pahintulot na isagawa ang pag-aaral. Bago ang aktwal na pananaliksik, isinagawa ang pilot testing kung saan pumili ng tatlumpu't limang (35) mag-aaral mula sa ibang seksyon na hindi kabilang sa pangunahing kalahok ng pag-aaral, na nasa ikasampung baitang ng nasabing paaralan. Matapos makuha ang datos mula sa *pilot testing*, isinailalim ang mga ito sa istatistikal na pagsusuri at pag-apruba bago ganap na gamitin sa pag-aaral. Sinimulan ang pangunahing pag-aaral sa pamamagitan ng paunang pagsusulit upang masukat ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral bago isagawa ang interbensyon. Kasunod nito, isinagawa ang interbensyon gamit ang WIKApedia bilang kasangkapan sa pagtuturo ng wastong paggamit ng mga salita sa Filipino. Ang interbensyon ay isinagawa sa loob ng isang linggo, at pagkatapos nito, sinukat ang epekto nito sa pamamagitan ng panapos na pagsusulit. Ginamit ang *frequency* at *percentage* upang masukat ang mga iskor ng mga mag-aaral sa pauna at panapos na pagsusulit. Samantala, ginamit ang *paired t-test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga iskor sa pauna at panapos na pagsusulit. Ginamit din ang *Cohen's d* upang sukatin ang laki ng epekto ng interbensyon sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng mga salita sa Filipino. Ang persepsyon ng mga mag-aaral ay inanalisa gamit ang *mean* at *standard deviation*, at ininterpret ayon sa *Likert scale rubric*. Ang mga nakalap na datos ay magsisilbing batayan upang patunayan ang bisa ng WIKApedia bilang kasangkapan sa pagtuturo at pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga salita sa Filipino.

Siniguro ng mga mananaliksik ang integridad at karapatan ng mga kalahok sa buong proseso ng pananaliksik. Nakuha ang pahintulot mula sa punong-guro ng paaralan bago isagawa ang pag-aaral. Bago magsimula ang aktwal na pananaliksik, ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin at pamamaraan ng pag-aaral at tiniyak ang kanilang boluntaryong partisipasyon. Ang lahat ng sagot ay pinanatiling kompidensiyal at ginamit lamang para sa layunin ng pag-aaral.

## 3. Natuklasan

Inilalahad dito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ipinapakita rito ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salita sa Filipino bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia; ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salita sa Filipino bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia; at ang mga rekomendasyon para sa mas epektibong paggamit ng WIKApedia sa pagtuturo ng wastong paggamit ng mga salita sa Filipino.

### *3.1 Antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salita sa Filipino bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia*

Ipinapakita sa bahaging ito ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salita sa wikang Filipino bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia bilang pantulong na kagamitang pampagtuturo. Layunin nitong ihambing ang resulta ng pauna at panapos na pagsusulit upang matukoy kung may naging pagbabago o pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral matapos ang integrasyon ng WIKApedia sa proseso ng pagkatuto.

Sa paunang pagsusulit, makikita na karamihan ng mga mag-aaral ay may mababa hanggang katamtamang antas ng kasanayan sa wastong gamit ng mga salita sa Filipino. Pinakamalaking bahagdan (40%) ang kabilang sa iskor na 9–11 na may interpretasyong mababa ang antas ng kasanayan, samantalang 29% ay nasa iskor na 7–8 na nagpapakita ng napakababang antas ng kasanayan. Tanging 31% lamang ng mga mag-aaral ang nakapagtamo ng iskor na 12–16, na may katamtamang antas ng kasanayan. Ipinahihiwatig nito na bago gamitin ang WIKApedia,

limitado pa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng mga salita sa Filipino.

**Talahanayan 1**
*Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Wastong Paggamit ng Salita sa Filipino Bago at Pagkatapos Gamitin ang WIKApedia*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | |
| 19-20 | 0 | 0 | 27 | 77 | Napakataas ng antas ng kasanayan |
| 17-18 | 0 | 0 | 8 | 23 | Mataas ang antas ng kasanayan |
| 12-16 | 11 | 31 | 0 | 0 | Katamtaman ang antas ng kasanayan |
| 9-11 | 14 | 40 | 0 | 0 | Mababa ang antas ng kasanayan |
| 7-8 | 10 | 29 | - | - | Napakababa ng antas ng kasanayan |
| **Kabuoan** | **35** | **100** | **35** | **100** | |

Sa panapos na pagsusulit, kapansin-pansin ang malaking pagtaas ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Makikita na 77% ng mga mag-aaral ay nakakuha ng iskor na 19–20, na may interpretasyong napakataas ng antas ng kasanayan sa wastong gamit ng mga salita, habang 23% naman ang nasa iskor na 17–18, na may mataas na antas ng kasanayan. Wala nang mag-aaral na kabilang sa mababa o napakababang antas. Malinaw na ipinakikita ng mga resulta ang makabuluhang pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral matapos gamitin ang WIKApedia, na nagpapatunay sa pagiging epektibo nito bilang kagamitang pantulong sa pagtuturo ng wastong gamit ng mga salita sa Filipino.

Ang resulta ng pag-aaral ay malinaw na nagpapakita ng makabuluhang pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga salita sa wikang Filipino matapos ang paggamit ng WIKApedia bilang pantulong na kasangkapan sa pagtuturo. Ipinahihiwatig nito na bago ang interbensyon, marami sa mga mag-aaral ay may limitadong kasanayan sa paggamit ng wika, na maaaring dulot ng kakulangan sa tamang gabay, pagsasanay, o mapagkukunang sanggunian. Ang makabuluhang pagtaas ng mga iskor sa panapos na pagsusulit ay nagpapatunay na ang integrasyon ng WIKApedia ay epektibong nakatulong sa paglinang ng kanilang kasanayan, dahil ang *digital* na aklat-aralin ay nagbibigay ng madaling akses sa impormasyon, halimbawa ng wastong gamit ng salita, at nagiging kasangkapan sa mas sistematiko at interaktibong pagkatuto.

Mula sa resulta, nabuo ang ilang mahahalagang implikasyon. Una, ipinapakita na ang paggamit ng WIKApedia ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maging mas aktibo at may pananagutan sa kanilang sariling pagkatuto. Sa pamamagitan ng paggamit nito, natututo silang maghanap ng impormasyon, suriin ang kahalagahan, at gamitin ang natutuhan sa kanilang sariling pagsulat at pagsasalita. Ipinapakita nito na ang digital na pantulong sa pagtuturo ay hindi lamang kasangkapan para sa pagpapahusay ng kasanayan, kundi nagsisilbi ring paraan upang mahubog ang kanilang kritikal na pag-iisip at kakayahang matuto nang mag-isa. Pangalawa, ang paggamit ng makabagong *digital* na kagamitan tulad ng WIKApedia ay maaaring magsilbing mabisang estratehiya sa pagtuturo ng wika sa kasalukuyang panahon, lalo na sa paglinang ng bokabularyo, wastong gramatika, at kakayahang magpahayag nang malinaw at wasto sa Filipino. Pangatlo, ipinapakita ng resulta na ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ay nagdudulot ng mas interaktibo, mas nakaka-engganyong karanasan sa pagkatuto, na mahalaga sa pagtuturo sa *digital* na henerasyon ng mag-aaral. Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagpapatunay na ang WIKApedia ay hindi lamang nakatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa wastong paggamit ng salita, kundi nagsisilbing halimbawa ng kung paano maaaring gamitin ang mga makabagong *digital* na kagamitan upang mas epektibong matugunan ang pangangailangan sa edukasyon at mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino sa makabagong panahon.

Bilang pansuporta sa resulta ng pag-aaral, binigyang-diin nina Bolaton at Mabit (2025) na ang mababang marka sa simula ay hindi indikasyon ng kakulangan ng potensyal, kundi senyales ng pangangailangang suportahan ang pagkatuto sa pamamagitan ng epektibong interbensyon. Sa kontekstong ito, malinaw na ang paggamit ng WIKApedia bilang *digital* na pantulong sa pagtuturo ay matagumpay na nakatugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at nagpapatunay na ang makabagong *digital* na kagamitan ay mabisang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa kasalukuyang panahon.

### *3.2 Makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salita sa Filipino bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia*

Ipinapakita sa bahaging ito ang pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salita sa wikang Filipino bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia. Sa pamamagitan ng *paired t-test*, tinukoy kung ang pagbabagong naitala sa resulta ng pauna at panapos na pagsusulit ay may kabuluhan at hindi lamang bunga ng pagkakataon. Layunin nitong patunayan ang bisa ng WIKApedia bilang pantulong na kagamitang pampagtuturo sa pagpapahusay ng kasanayan sa wika.

**Talahanayan 2**
*Resulta ng T-test sa Makabuluhang Pagkakaiba ng Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Wastong Paggamit ng Salita sa Filipino Bago at Pagkatapos Gamitin ang WIKApedia*

| Uri ng Pagsusulit | N | Df | t-value | p-value | Decision ($\alpha$ = 0.05) | Cohen's d |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pauna<br>Panapos | 20<br>20 | 34 | 30.3 | <0.001 | Significant | 5.12 |

Nagsagawa ng pagsusuri ng datos gamit ang *paired t-test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salita sa Filipino bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia. Batay sa resulta, ang *t-value* = 30.3 at *p-value* = < 0.001 ay nagpapakita ng napakalinaw at makabuluhang pagtaas sa kasanayan ng mga mag-aaral, kaya tinatanggihan ang *null hypothesis* ($H_0$) na nagsasabing "walang pagkakaiba sa kasanayan bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia." Ang *Cohen's d* =5.12 ay nagpapahiwatig ng napakalaking *effect size*, na nangangahulugang ang paggamit ng WIKApedia ay may malakas at positibong epekto sa kasanayan ng mga mag-aaral.

Bago gamitin ang WIKApedia, natukoy na karamihan ng mga mag-aaral ay nasa mababa hanggang katamtamang antas ng kasanayan sa wastong paggamit ng salita sa Filipino. Ipinapakita nito na, bago ang interbensyon, may kakulangan ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga salita, maging sa pagbibigay-kahulugan, pagbuo ng pangungusap, at pagpili ng angkop na salita sa konteksto. Subalit, matapos ang paggamit ng WIKApedia bilang pantulong na kasangkapan sa pagtuturo, lahat ng mag-aaral ay umangat sa mataas hanggang napakataas na antas ng kasanayan, na malinaw na nagpapakita ng positibong epekto ng interbensyon.

Ang makabuluhang pagbabago sa antas ng kasanayan ay nagpapatunay na ang WIKApedia ay epektibong *digital* na kasangkapan sa pagtuturo, hindi lamang bilang imbakan ng impormasyon kundi bilang aktibong gabay sa pagkatuto. Ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa wastong paggamit ng salita, mas naengganyo sa kanilang pag-aaral, at mas naipapakita ang kasanayan sa praktikal na aplikasyon ng wikang Filipino. Ipinapakita rin nito na ang WIKApedia ay maaaring magsilbing interaktibong plataporma na nag-uugnay sa tradisyonal na pagtuturo at makabagong teknolohiya, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng kahusayan sa wika.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang integrasyon ng WIKApedia sa pagtuturo ay maaaring maghatid ng makabuluhang benepisyo sa mga mag-aaral. Bukod sa pagpapabuti ng kasanayan sa wastong paggamit ng salita, pinapalakas nito ang kanilang kasanayan sa kritikal na pag-iisip, mapanuring pagbasa, at kakayahang maghanap at mag-analisa ng impormasyon. Ang paggamit ng ganitong uri ng *digital* na interbensyon ay hindi lamang nakatutulong sa kasalukuyang pagkatuto ng mga mag-aaral, kundi maaari ring magsilbing modelo para sa iba pang inobatibong estratehiya sa pagtuturo, lalo na sa konteksto ng digital na edukasyon.

Sa mas malawak na perspektiba, ipinapakita ng resulta na ang pagsasama ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo ng wika ay may potensyal na mapabuti ang kalidad ng edukasyon, gawing mas kawili-wili ang pagkatuto, at hikayatin ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Pinatutunayan nito na ang paggamit ng *digital* na kagamitan tulad ng WIKApedia ay hindi lamang pagtuturo ng kaalaman kundi pagbuo rin ng kasanayan at kumpiyansa ng mag-aaral sa paggamit ng sariling wika, na mahalaga sa pagpapaunlad ng pambansang identidad at literasiya sa Filipino.

Ang makabuluhang pagtaas ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral matapos gamitin ang WIKApedia ay sinusuportahan ng mga naunang pag-aaral na nagpapakita ng positibong epekto ng angkop na interbensyon sa pagkatuto ng wika. Ipinakita sa pag-aaral ni Lopez (2024) na may makabuluhang pagtaas sa antas ng kasanayan sa talasalitaan ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang Kontekstuwalisadong *Learning Activity Sheet* ng Morpema. Katulad ng kasalukuyang pag-aaral, pinatunayan nito na ang paggamit ng masining at sistematikong pantulong na materyales ay nakapagpapabuti ng kasanayan sa wika. Dagdag pa rito, ayon kay Donato (2025), mahalaga ang paggamit ng tamang estratehiya at interbensyon sa pagtuturo ng wika upang mas maging kawili-wili at epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pananaw na ito ay sumusuporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral, na nagpapakita na ang integrasyon ng WIKApedia bilang *digital* na kasangkapan ay epektibo sa pagpapalakas ng kasanayan sa wastong paggamit ng salita sa Filipino.

### *3.3 Persepsyon ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng WIKApedia*

Ipinapakita sa bahaging ito ang persepsyon ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng WIKApedia bilang pantulong na kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino. Sinusuri rito kung paano nakatulong ang WIKApedia sa pag-unawa, interes, at sariling pagkatuto ng mga mag-aaral, batay sa kanilang antas ng pagsang-ayon sa iba't ibang pahayag. Layunin nitong matukoy ang pananaw ng mga mag-aaral sa bisa at kabuluhan ng WIKApedia sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa wastong paggamit ng salita sa wikang Filipino.

**Talahanayan 3**
*Persepsyon ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng WIKApedia*

| Indikeytors | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Mas malinaw kong nauunawaan ang tamang gamit ng salita, kataga, at kaisipan sa Filipino dahil sa WIKApedia. | 4.23 | 0.73 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Madali kong nagagamit ang WIKApedia at mabilis kong nahahanap ang mga aralin at impormasyon na kailangan ko. | 4.25 | 0.70 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Mas interesado akong mag-aral dahil sa mga halimbawa, ilustrasyon, at infographic sa WIKApedia. | 4.27 | 0.72 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Naibabahagi ng WIKApedia ang mga impormasyong nagpapalawak sa kaalaman at pag-unawa sa wikang Filipino sa pamamagitan ng etimolohiya, kahulugan, at tamang gamit ng mga salita. | 4.24 | 0.71 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Magagamit ko ang WIKApedia para sa sariling pag-aaral at paghahanda sa mga pagsusulit. | 4.26 | 0.70 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kabuuan | 4.25 | 0.71 | Lubos na Sumasang-ayon |

Ipinapakita na positibo ang persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng WIKApedia sa pag-aaral ng Filipino. Ang lahat ng indikeytor ay may mataas na *mean score* (4.23–4.27) na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon", na nagpapahiwatig na nakatutulong ang WIKApedia sa mas malinaw na pag-unawa sa tamang gamit ng salita at kaisipan. Bukod dito, pinapadali nito ang mabilis at madaling paghahanap ng impormasyon at nagpapataas ng interes sa pag-aaral sa pamamagitan ng mga halimbawa, ilustrasyon, at *infographic*. Nakikita rin ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng WIKApedia sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa wikang Filipino at sa paghahanda para sa mga pagsusulit. Ang kabuuang *mean* na 4.25 at *standard deviation* na 0.71 ay nagpapakita ng pagkakapareho ng positibong pananaw ng mga kalahok, na nagpapatibay sa pagiging epektibo ng WIKApedia bilang kagamitang pampagtuturo sa wastong gamit ng mga salita sa Filipino.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, malinaw na nakikita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng paggamit ng WIKApedia bilang isang makabagong kagamitang pantulong sa kanilang pagkatuto. Ang mataas na antas ng kasiyahan at positibong persepsyon ay nagpapahiwatig na ang ganitong *digital* na aklat-aralin ay epektibo hindi lamang sa pagpapalawak ng kaalaman kundi pati na rin sa pagpapalakas ng motibasyon, interes, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Ang positibong tugon na ito ay nagpapakita na ang maayos na integrasyon ng *digital* na kagamitan sa pagtuturo ay maaaring magdulot ng mas malalim, makabuluhan, at kawili-wiling karanasan sa pag-aaral. Ang WIKApedia ay higit pa sa simpleng repositoryo ng impormasyon; nagsisilbi itong kasangkapan upang mapaunlad ang kasanayan sa wika, lalo na sa wastong paggamit ng salita,

pagbuo ng pangungusap, at pagpapalawak ng talasalitaan. Bukod dito, nakatutulong din ito sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, dahil hinihikayat silang magsuri, magkumpara, at mag-analisa ng impormasyon bago bumuo ng sariling opinyon o konklusyon. Higit pa rito, ang paggamit ng WIKApedia ay nagbubukas ng oportunidad para sa mas malikhaing pagkatuto, kung saan natututo ang mga mag-aaral hindi lamang sa pamamagitan ng tradisyonal na pagtuturo kundi sa aktibong pagtuklas, paglilikha, at pagpapalawak ng kanilang kaalaman.

Bilang implikasyon, ang integrasyon ng WIKApedia sa pagtuturo ng Filipino ay maaaring magpabuti sa kasanayan sa wika sa pamamagitan ng mas malinaw na pag-unawa sa kahulugan at tamang gamit ng mga salita, palakasin ang kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng pagsusuri at paghahambing ng impormasyon, at hikayatin ang malikhaing pagkatuto gamit ang mga interaktibong halimbawa, ilustrasyon, at infographic. Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang WIKApedia ay isang mabisang kagamitang pampagkatuto na tumutugon sa pangangailangan ng makabagong panahon, na hindi lamang nagpapalawak ng kaalaman kundi nagpapasigla rin sa motibasyon, kritikal na pag-iisip, at malikhaing pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sinusuportahan ng pag-aaral ni Misa (2021) ang mga natuklasan, na nagmumungkahi sa mga guro na maging malikhain at maparaan sa pagtuturo ng gramatika at pagsulat, pati na rin sa pagbibigay ng angkop na halimbawa upang mapalawak ang kasanayan ng mga mag-aaral. Pinagtitibay naman ito ng pag-aaral nina De Guzman (2022), na naglalahad ng kahalagahan ng malikhaing pagtuturo at sistematikong pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral, kung saan ang paggamit ng makabago at malikhaing estratehiya ay nagpalalawak sa kasanayan sa pasalita at pasulat na komunikasyon. Ipinapakita ng resulta ng kasalukuyang pag-aaral at ng mga sumusuportang pag-aaral na ang integrasyon ng digital na kagamitang tulad ng WIKApedia ay may positibong implikasyon sa pagpapabuti ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino, at nagsisilbing mabisang estratehiya sa pagtuturo na akma sa pangangailangan ng makabagong panahon.

## 4. Konklusyon at Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napatunayan na ang WIKApedia ay isang mabisang interbensyong panturo na may makabuluhang kontribusyon sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga salita sa wikang Filipino. Ang makabuluhang pagtaas ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral mula sa paunang pagsusulit patungo sa panapos na pagsusulit ay nagpapakita ng positibo at malakas na epekto ng nasabing interbensyon sa proseso ng pagkatuto. Ipinapakita nito na ang paggamit ng WIKApedia ay hindi lamang nakapagbibigay ng karagdagang kaalaman sa mga mag-aaral, kundi nakatutulong din sa paglinang ng kanilang kakayahang gamitin ang mga salita nang tama at akma sa konteksto. Sa ganitong konteksto, malinaw na tinatanggihan ang *null hypothesis* na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang WIKApedia, na nagpapatibay sa bisa nito bilang isang makabagong pantulong sa pagtuturo ng wikang Filipino.

Higit pa rito, ipinakita ng positibong persepsyon ng mga mag-aaral na ang WIKApedia ay hindi lamang nakatutulong sa pagpapalinaw ng mga konsepto kundi nagiging mahalagang kasangkapan din sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman at pag-unawa. Ayon sa kanilang karanasan, ang paggamit ng WIKApedia ay nagdudulot ng mas mataas na interes at motibasyon sa pag-aaral, nagbibigay ng lehitimong sanggunian para sa pansariling pagkatuto, at nagtuturo ng mas sistematiko at organisadong paraan ng pagkuha ng impormasyon. Pinagtitibay nito ang kahalagahan ng paggamit ng makabago at *digital* na kagamitang panturo bilang tugon sa lumalaking pangangailangan ng mga mag-aaral sa makabagong panahon, partikular sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino. Ang ganitong interbensyon ay nagmumungkahi na ang integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon ay maaaring magpalakas ng kakayahan ng mga mag-aaral hindi lamang sa pag-unawa sa wika kundi pati na rin sa kritikal na pag-iisip, malikhaing pagpapahayag, at mas aktibong partisipasyon sa proseso ng pagkatuto.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, iminumungkahi ang paggamit ng WIKApedia bilang pantulong na kagamitang panturo sa pagtuturo ng wastong paggamit ng mga salita sa wikang Filipino, upang higit pang

mapahusay ang kalidad at bisa ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Hinihikayat ang mga guro na gamitin ang iba't ibang makabago at *digital* na estratehiya sa pagtuturo ng wika, na hindi lamang nagpapalinaw at nagpapasimple sa mga konsepto kundi nagiging instrumento rin sa pagpapataas ng motibasyon, partisipasyon, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Para sa mga paaralan, mahalaga ang pagbibigay ng sapat na suporta sa paggamit ng *digital* na kagamitan, kabilang ang angkop na pasilidad, makabagong kagamitan, at sistematikong pagsasanay para sa mga guro, upang masiguro ang epektibong implementasyon ng mga makabagong interbensyon sa pagtuturo. Samantala, hinihikayat din ang mga mag-aaral na aktibong gamitin ang WIKApedia bilang sanggunian sa kanilang pansariling pagkatuto, sa layuning patuloy na malinang ang kanilang kasanayan sa wikang Filipino, mapalawak ang kanilang kakayahan sa malikhaing pagpapahayag, at higit na mapaunlad ang kanilang kritikal na pag-iisip. Sa konteksto ng patuloy na modernisasyon ng edukasyon, iminumungkahi ang mga susunod na pag-aaral na may mas malawak na saklaw ng kalahok at mas mahabang panahon ng interbensyon upang higit pang mapagtibay, mapalawak, at mapalalim ang bisa ng WIKApedia sa iba't ibang aspekto ng kasanayan sa wikang Filipino, at upang higit na maipakita ang potensyal nito bilang isang makabagong kasangkapan sa epektibong pagtuturo at makabuluhang pagkatuto sa makabagong panahon.

## 5. Talasanggunian


Bolatin, M.A., Lacamento, J., Salcedo, M.A. (2019). Epekto Ng Paggamit Ng Wikang Filipino At Wikang Ingles Sa Larangan Ng Pagtuturo At Pagkatuto. https://www.scribd.com/document/406345744/Epekto-Ng-Paggamit-Ng-Wikang-Filipino-at-Wikang-Ingles-Sa-Larangan-Ng-Pagtuturo-at-Pagkatuto

Bolaton, John & Mabit, Albert. (2025). Filipino Grammar Quest Game: Isang Interbensyon Sa Paglinang Ng Kaalaman Sa Wastong Gamit Ng Mga Salita Sa Filipino Ng Mga Mag-Aaral Sa Ika-9 Na Baitang. Epra International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). 1607-1621. 10.36713/epra22654.

Cabansag, J. (2013). Written language proficiency of laboratory high school students in a state university in Cagayan valley Philippines. *Researchers World, 4*, 87.

De Guzman, Allan & de Castro, Belinda & Adamos, Joel. (2022). Locating Filipino social studies teachers' preferred positionality, reasons, and practices in the teaching of controversial public issues. Journal of Education for Teaching. 50. 1-13. 10.1080/02607476.2022.2152655.

Dicang, Viviane & Molina, Harlene. (2023). Mga Hamong Kinakaharap Ng Mga Mag-Aaral Sa Paggamit Ng Wikang Filipino Sa Makrong Kasanayan Sa Pagsasalita. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies. 3. 161-175. 10.47760/cognizance.2023.v03i12.014.

*DO 012, s. 2024 – Amendment to DepEd Order No. 010, s. 2024 (Policy Guidelines on the Implementation of the MATATAG Curriculum)*. (2024, September 18). Department of Education. https://www.deped.gov.ph/2024/09/18/september-18-2024-do-012-s-2024-amendment-to-deped-order-no-010-s-2024-policy-guidelines-on-the-implementation-of-the-matatag-curriculum/

Donato, L. C. (2025). Mga Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay: Pagbuo ng Interbensyon na Angkop sa Pagtuturo. *SARIRIT: The University Research Journal (formerly QSU Research Journal), 14*(1 (Special Issue)), 66-72.

Iyang, Wijra S. (2025). Kahalagahan Ng Wikang Filipino Sa Pagtuturo Ng Mga Guro Ng Mindanao State University Sulu Ng Batayang Kaalaman. Journal of Education and Academic Settings, 2(1). DOI: 10.62596/nva2nk15

Lopez, R. (2024). Kontekstuwalisadong learning activity sheet ng morpema at kasanayan sa talasalitaan. *International Journal of Research Studies in Education, 13*(2), 31-43. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24803

Marcos, L. (2024). *The Language Development in the Digital Age: A Review*. https://doi.org/10.20944/preprints202407.0074.v1

Mayer, Richard & Fiorella, Logan. (2022). Introduction to Multimedia Learning. 10.1017/9781108894333.003.

Misa, R. (2021). Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng grade 9 laboratory high school ng President Ramon Magsaysay State University. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 58-68.

Ortañez, D. (2020). Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Edukasyon. Academia.edu. https://www.academia.edu/36247768/Kahalagahan_ng_Wikang_Filipino_sa_Edukasyon

Pareñas, R. T. (2025). *Ugnayan ng Wika, Agham, Teknolohiya, at Lipunan*. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.29436.65920

Peñeda, M. B. Mga Suliranin at Lapit sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Filipino sa mga Piling Paaralan sa Antas Tersarya.

Santos, L. A. (2020). Wastong gamit ng mga salita sa Filipino sa akademikong pagsulat. Philippine Journal of Applied Linguistics, 15(1), 23-39

Santos, T. U. (2015). *'WIKApedia' inilunsad*. The Varsitarian. https://varsitarian.net/wikapedia_inilunsad/

Timbreza, F. T. (1987). Mga Suliranin At Iba Pang Mga Balakid Sa Paggamit Ng Filipino Sa Pagtuturo. *MALAY, 6*(1).

UNESCO. (2023). *Home | #LeadingSDG4 | Education2030*. Www.unesco.org. https://www.unesco.org/sdg4education2030/en

WIKApedia (2015). Presidential Communications Development and Strategic Planning Office.

William, B., Frank, E., & Ibrahim, A. (2024). *Language in the Digital Age: Innovations and Challenges*. ResearchGate; unknown. https://www.researchgate.net/publication/387516913_Language_in_the_Digital_Age_Innovations_and_Challenges